

2017 International Dance Day

Message by Trisha Brown

Ako'y naging mananayaw dahil sa gusto kong lumipad. Lagi akong alipin ng hiwaga ng gravedad. Walang lihim na kahulugan ang mga sayaw ko. Ang sayaw ay ispirituwal na galaw sa pisikal na anyo.

Ang sayaw ay isang pakikipag-ugnayan na nagpalawak sa kahulugan ng komunikasyon, nagsisilang ng galak, ng kagandahan, at ng pagsulong ng dunong ng sangkatauhan. Ang sayaw ay tungkol sa pagiging malikhain. . . paulit-ulit. . . sa kaisipan, sa pagbuo, sa paggawa, at sa pagtatanghal. Ang ating katawan ay isang pagpapahayag, at hindi midyum lamang. Ang katotohanang ito ang nagpapalaya sa ating pagka-malikhain, na siyang tunay na diwa ng bigay ng Diyos na makabuo ng sayaw.

Ang alagad ng sining ay hindi pinakukupas ng panahon, gaya ng sinasabi ng mga kritiko. Ang sayaw ay likha ng sangkatauhan, ng sangkatauhang mayroong kamalayan. Maaaring iuwi sa tahanan ng malikhaing bugso ng isang manonood ang diwa ng isang sayaw upang gawing bahagi ng araw-araw na buhay.